Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-42 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 9TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 HUNYO 2017, IKA-2:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jackson C. Dy - Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal John-John S. Yason
Konsehal Ruel S. Taytay
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Gualberto V. Magno

Hindi Nakadalo:

Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Joseph M. Galicia

KAPASYAHAN BLG. 51
Taong 2017

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG **GNG. FELY G. GADO,** DATING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Gng. Fely G. Gado o Fely sa kanyang mga kasamahan sa Pamahalaang Bayan ay nagsilbi sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman simula noong Mayo 19, 1980 hanggang sa pagreretiro niya noong Oktubre 28, 2013;

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawaing iniatang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa, naging mapagmahal at responsableng ina sa kanyang mga anak at sa kanyang asawa at mapagmahal na anak sa kanyang mga magulang, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod.

JACKSON CINCO DY **FERDINAND V. TALENS, MPA**

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni GNG. FELY G. GADO ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga naulila ng yumaong Gng. Fely G. Gado lakip ang mataos na pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa paglilingkod.

Pinagtibay : 19 Hunyo 2017

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Secretary to the Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

JACKSON C. DY
Municipal Vice Mayor

merz/061917